# BABALA!

## May parusa sa batas ang pagpuslit ng ipinagbabawal na droga

Ang pag-aangkat at pagmamay-ari ng mga droga tulad ng nasa ibaba (halimbawa) ay krimen

*Hindi kasama ang paggamit ng marijuana at pag-export ng New Psychoactive Substance (NPS) sa kasalukuyang batas

**●Stimulants (shabu)**



**●Marijuana**



**●Cocaine**



**●Heroin**



**●MDMA**



**●NPS**




**Maaaring ilegal ang mga ito**

## Mag-ingat sa mga pagkain atbp. na binebenta sa ibang bansa o rehiyon dahil maaaring may laman itong marijuana

**Hal: cookie, butter, cake, gamot gawa sa marijuana atbp.**









Parusa (hal). Pagpuslit ng marijuana: hanggang 7 taong pagkakulong
Pag-aari ng marijuana: hanggang 5 taong pagkakulong

*Maaaring magkaiba ang mga nalalapat na batas at parusa depende sa droga.

〈Sangguniang batas〉 Stimulants Control Act　Cannabis Control Act　Narcotics and Psychotropics Control Act　Act on Securing Quality, Efficacy and Safety of Products Including Pharmaceuticals and Medical Devices

厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare　警察庁 National Police Agency　税関 Japan Customs　海上保安庁 Japan Coast Guard　出入国在留管理庁 Immigration Services Agency of Japan　外務省 Ministry of Foreign Affairs of Japan

# BABALA!

**Malubhang krimen ang pagpupuslit ng droga. Ang mga lumabag ay mahigpit na paparusahan anuman ang dami ng pinuslit na droga o kung sinuman ang gagamit nito.**

## Ang karamihan sa mga kaso ng pagpupuslit ng droga ay mula sa mga malalapit na tao (kasintahan atbp.), kaibigan, kakilala, o mga taong hindi kilala

**Ang mga sumusunod ay karaniwang eksena kung saan maaari kang ma-recruit na maging tagapuslit ng droga (tinatawag na "drug mule") nang hindi namamalayan**

✓Pinadala na ba sa iyo ang mga bagahe, personal na gamit, o pasalubong ng ibang tao?

✓Kinontak ka ba sa pamamagitan ng telepono, email, o social media, o nakatanggap ng trabaho sa ibang bansa, ownership rights ng ari-arian, o kahilingang magdala ng mga dokumento atbp. sa ibang bansa?

✓ Mayroon bang nagbigay sa iyo ng libreng paglalakbay sa ibang bansa?

Maaaring walang makitang problema sa mga ito, ngunit maaari itong palatandaan na mayroong nagre-recruit sa iyo para sa layuning magpuslit droga.

Mag-ingat sa mga alok na waring napakabuti naman para maging totoo.

厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare | 警察庁 National Police Agency | 税関 Japan Customs | 海上保安庁 JAPAN COAST GUARD | 出入国在留管理庁 Immigration Services Agency of Japan | 外務省 Ministry of Foreign Affairs of Japan

# PAALALA!
# Marijuana

**Bawal magdala ng marijuana at produktong gawa sa marijuana**

**May parusa sa batas ang pagtatanim ng marijuana at pag-aangkat ng mga produktong gawa sa marijuana**

## ● Marijuana







## ● Halimbawa ng mga produktong* gawa sa marijuana

***Produktong gawa sa marijuana...kasama rito ang lahat ng produktong gawa sa bahagi ng halaman ng marijuana maliban sa mga buto o maygulang na tangkay**


Marijuana cookie


Cannabutter


Marijuana cake


Marijuana chocolate


E-cigarette


Gamot

*Gayundin, ang pag-angkat ng marijuana at produktong gawa sa marijuana, kabilang para sa layuning medikal, ay ipinagbabawal

*Maliban sa mga kaso kung saan kumuha ng permiso ang mananaliksik sa Japan

## ● Parusa (Cannabis Control Act)

*Para sa mga detalye, tingnan ang URL sa ibaba

https://www.japaneselawtranslation.go.jp/ja/laws/view/2594/je

**Pagpuslit: hanggang 7 taong pagkakulong (hanggang 10 taon kung ito ay para sa negosyo)**

**Pag-aari: hanggang 5 taong pagkakulong (hanggang 7 taon kung ito ay para sa negosyo)**

ひと、くらし、みらいのために 厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare
警察庁 National Police Agency
税関 Japan Customs
JCG 海上保安庁 JAPAN COAST GUARD
ISA 出入国在留管理庁 Immigration Services Agency of Japan
外務省 Ministry of Foreign Affairs of Japan

# PAALALA!
# Designer Drugs/NPS*

*New Psychoactive Substances

Ito ay mga substansya ng pang-aabuso na nasa purong anyo o preparasyon na maaaring maging psycho-toxic o magdulot ng panganib sa kalusugan ng publiko.

**Higit sa 2,000 na ilegal na substansya tulad ng "Rush" ay itinakda bilang mga designer drug/NPS sa ilalim ng batas ng Japan.**

**Ang pag-angkat, pag-aari at paggamit ng mga substansyang ito ay may mahigpit na parusa sa batas ng Japan.**



















**Nakalista ang mga substansyang ito sa website ng Ministry of Heath, Labor and Welfare. (wikang Ingles lamang)**

https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/kenkou_iryou/iyakuhin/yakubuturanyou/gyousei-gaikyo/torishimari_00002.html

# PAALALA!

# Niresetang opioid


Ang pag-angkat ng mga opioid ay may restriksyon sa ilalim ng batas ng Japan.

Kailangan ng paunang permiso mula sa gobyerno ng Japan upang makapagdala ng niresetang opioid sa Japan.

Kung wala kang paunang permiso, maaari kang maaresto pagpasok mo sa bansa.

**Halimbawa:**

- Oxycodone
- Hydrocodone
- Codeine



Para sa mga detalye ng proseso upang kumuha ng permiso para sa pag-angkat, mangyaring tingnan ang website ng Ministry of Health, Labor and Welfare sa ibaba.

https://www.ncd.mhlw.go.jp/en/application2.html

ひと、くらし、みらいのために 厚生労働省 Ministry of Health, Labour and Welfare
警察庁 National Police Agency
税関 Japan Customs
海上保安庁 JAPAN COAST GUARD
出入国在留管理庁 Immigration Services Agency of Japan
外務省 Ministry of Foreign Affairs of Japan